

HAMON SA EPEKTIBONG PAGSASALIN-WIKA

ni:

JAYSON D. CASTILLO
Limay National High School

“Sir, ano po ang Tagalog ng salitang ito?”

Ayon kay Guho (2021) isa sa pinakamahirap na parte ng pag-aaral ng sariling wika ay ang kakulangan ng direktang salin ng mga salita sa sa lenggwahe ng mga banyaga. Marami sa mga salita sa Ingles ang patuloy na nagagamit sa mga pangungusap nang hindi man lang naisasalin sa wikang Filipino. Nakalulungkot na sa kabila ng pagkakaroon ng daan-daang diyalekto ay mas nangingibabaw pa kung minsan ang salitang banyaga sa mga diskurso at talastasan. Sa kabilang banda, hindi ang kakulangan ng direktang salin ng mga salita ang problema kundi ang kawalan ng kakayahang magsalin sa epektibong paraan.

Dito pumapasok ang konteksto ng modulasyon, isang taktika kung saan ay iniiba ang semantics pati na ang punto de vista pag isinalin na ang mga salita (Grassilli, 2016). Kung tutuusin, ang modulasyon ay maaaring ikonsidera bilang pinakaepektibong pamamaraan ng pagsasalin na sya ring nagpapaunlad at nagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Halimbawa na lamang ay ang pagsasalin ng pariralang “I could not agree more” mula sa literal na “hindi na ako maaaring sumang-ayon” na isang maling salin patungo sa “matindi ang pag-sang ayon ko sa iyong sinabi” na siyang tunay na kahulugan ng nasabing grupo ng mga salita.

Kung papansinin ang nabanggit na halimbawa, ang literal na pagsasalin ng mga salita mula sa isang wika tungo sa isa pa ay maaaringb magdulot ng maling kahulugan at naiibang konteksto. Hindi kinakailangan na batikan ang magsasalin ng mga naturang salita upang mas matumbok ang pinupunto ng tagapagsalita. Kinakailangan lamang na

may kakayahang unaawain ang kaligiran ng pahayag upang hind imaging salungat ang magiging salin sa ibang wika.

Isa pa sa kadalasang nagiging hamon sa mga mag-aaral ay ang kakayahang tukuyin kung alin ang simuno at panag-uri sa mga pangungusap na kanilang isasalin sa local na wika. Paminsan, may mga wika at salita ang maaring may magkabaligtad na anyo ang simuno at panag-uri, magiging mali isa tunog pa lamang ang nasabing pangungusap kungb isasalin sa literal na konteksto. Epektibo ang transposisyon sa ganitong problema, isang diskarte kung saan ay bibigyang-konsiderasyon ang pagpapalit ng pinaglalaman ng simuno at panag-uri, ito ay ayon sa Intertranslations (2021). Maaring pagibayuhin ang pamamaraangb ito sa pamamagitan ng paghubog sa kakayahang tukuyin ang kahulugan at gamit ng dalawang salitang nabanggit. Sa pamamagitan nito, madaling matutukoy ang alin man sa kanila.

Kung tutuusin, hindi mahirap ang magsalin ng mga pangungusap at teksto mula sa wikang banyaga lalo na kung Ingles tungo sa wikang Filipino. Mahalaga lamang na malalaman at maituro sa mga mag-aaral kung alin ang pinakaepektibong pamamaraan ng pagsasalin ng mga salita. Napakayaman ng ating wika upang hindi magkaroon ng katumbas ang mga salitang banyaga. Kung magpapakadalubhasa ang marami sa pagsasalin sa Filipino, malalaman ng lahat na ang isang salita sa wikang banyaga ay mayroongnapakaraming katumbas sa sarili nating lenggwahe.

Sanggunian:

- Guho, K. (2019). 5 Dahilan Kung Bakit Mahirap Matutunan ng mga Bata ang Wikang Filipino. Nakuha noong ika-25 ng Hunyo 2022 sa www.modernparenting.onemega.com
- Intertranslations (2021). Ano ang mga Kapamaraan ng Pagsasalin-wika? Nakuha noong ika-25 ng Hunyo 2022 sa www.intertranslations.co.uk
- Grassilli, B. (2016). Kapamaraan ng Pagsasalin-wika: Modulasyon. Nakuha noong ika-25 ng Hunyo 2022 sa www.translatorthoughts.com